


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Pormal at Di Pormal na Pagpupulong: Unawain



Filipino – Grade 4

Alternative Delivery Mode

Quarter 4 – Module 4: Pormal at Di-Pormal na Pagpupulong: Unawain Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jee Ann B. Dimaiwat at Melanie O. Laniog	
Editor:	Jee Ann B. Dimaiwat	
Tagasuri:	Rechie O. Salcedo	
Tagaguhit:	Mark Anthony O. Taduran	
Tagalapat:	John Francis O. Tañamor, Analyn J. Madera	
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad	
	Francisco B. Bulalacao	Grace U. Rabelas
	Ma. Leilani R. Lorico	Nora J. Laguda
	Jerson V. Toralde	Rechie O. Salcedo
	Belen B. Pili	Randy A. Bona

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Pormal at Di-Pormal na
Pagpupulong: Unawain**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang araw sa iyo!

Madalas ka bang dumalo sa isang pagpupulong?


Ano-ano ang madalas ninyong napag-uusapan? Hindi mo man sabihin ngunit alam kong madalas ninyong mapag-usapan sa pulong ang tungkol sa mga gawaing pampaaralan tulad ng *Scouting*, patimpalak sa iba't ibang larangan, programang pampaaralan, pangkatang proyekto, at iba pa.

Ngunit, nagagamit mo ba nang tama ang mga uri ng pangungusap sa pagpapahayag ng iyong sariling opinyon o reaksiyon sa mga bagay o paksang inyong pinag-uusapan sa pulong? Kaya mo bang maisulat ang *minutes* (katitikan) ng pulong na iyong dinaluhan?

Huwag kang mag-alala, matutulungan ka sa araling ito.

Sa modyul na ito, inaasahan na:

1. Nasasagot mo ang mga tanong sa nabasa o napakinggang pagpupulong (pormal o di pormal), katitikan (*minutes*) ng pagpupulong. **(F4PN-IVd-g-3.3)**
2. Naipapahayag mo ang sariling opinion o reaksiyon batay sa napakinggang pagpupulong (pormal o di pormal). **(F4PS-IVf-g-1)**
3. Nagagamit mo ang mga uri ng pangungusap sa pormal na pagpupulong. **(F4WG-IVc-g-13.3)**
4. Nakasusulat ka ng *minutes* ng pagpupulong. **(F4PU-IVg-2.3)**





Subukin

Subuking gawin ito.

Magaling ka bang umunawa sa iyong nabasang pagpupulong? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

A. Panuto: Basahin at unawain ang di pormal na pagpupulong, sagutin ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Pagpupulong ng MAPEH CLUB

Ang pamunuan ng Mapeh Club sa Paaralang Zeferino Arroyo ay naghahanda para sa darating na *School Intramurals*. Tumawag agad ng pulong ang pangulo kaugnay nito.

Tagapangulo: Magandang hapon. Tumahimik na ang lahat at magsisimula na tayo.

Liza: Nais ko na magkaroon tayo ng *Zumba Dance*. Upang makalikom ng pondo.

Paula: Sang-ayon ako besh sa mungkahi mo. Sigurado marami ang sasali rito.

Raul: Tagapangulo, tutol ako sa mungkahi ni Liza. Mas maganda kung magkaroon na lamang tayo ng *Basketball Tournament*.

Tagapangulo: Mga besh magaganda ang inyong mga mungkahi. Puwede namang gawin natin ito pareho. Sang-ayon ba kayo?

Lahat: Sang-ayon ang lahat.

Sonny: Maaasahan ninyo ang aking pakikiisa, puwedeng tapusin na natin ang pulong, hinahanap na ako ni erpat.



Sagutin mo!

1. Sino ang nagpatawag ng pagpupulong?
A. Paula
B. Sonny
C. tagapangulo
D. Raul
2. Ano ang pinag-usapan sa pagpupulong?
A. mga paaran upang maiwasan ang pagkalat ng COVID
B. paghahanda sa darating na *School Intramurals*
C. pagtatanim ng gulay sa bakuran
D. pagbabawal ng paggamit ng *plastic*
3. Kaninong mungkahi ang tinutulan ni Raul?
A. tagapangulo
B. Paula
C. Liza
D. Sonny
4. Ano-anong mga gawain ang iminungkahi upang makalikom ng pondo?
A. magkaroon ng *Zumba at Folk Dance*
B. magkakaroon ng *Zumba at Basketball Tournament*
C. magbebenta ng mga tanim na gulay
D. magtatayo ng eksibit sa paaralan
5. Paano ipinakita ng bawat miyembro ang pagsuporta?
A. pagtutol sa mga mungkahing ibinigay
B. umalis ng walang paalam
C. natutulong habang nagsasalita ang tagapangulo
D. pagsang-ayon sa mga mungkahi

B. Panuto. Basahin ang pulong sa barangay. Sagutin ito sa pamamagitan ng pagbigay ng iyong opinyon o reaksiyon sa bawat pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

PULONG SA BARANGAY

Mang Ben: Bakit nga po biglaan ang ating pulong ngayon, Kapitan Tasyo?

Mang Tasyo: Kahapon kinausap ako ng prinsipal ng ating paaralan. Nababahala siyang maraming mag-aaral ang hindi pumapasok. Nakikita raw silang gumagala sa parke o sa mga bilyarang at tila nakadroga. Itinanong niya sa akin kung alam natin ito. Kaya minabuti kong ipatawag kayo rito sa barangay. Baka ang inyong anak ay kasama sa mga kabataang ito.

Aling Gloria: Aba! Hindi po namin alam ito.


Ginoong Cruz: Dapat tayong kumilos sa problemang ito.

Mang Tasyo: Kaya nga hinihingi ko ang tulong ninyong lahat. Magkaisa tayo upang maiwasan ang pagkalulong ng ating mga anak sa droga.


Aling Flor: Iminumungkahi ko pong makipag-ugnayan tayo sa mga awtoridad at sa paaralan upang masugpo ang problemang ito.

Mang Ben: Kapitan, ang mungkahi ni Aling Flor ay pinapangalawahan ko.


Mang Tasyo: Salamat sa inyong pakikiisa sa bagay na ito.




A.
Nagulat



B.
Nalungkot



C.
Natuwa



D.
Dedma

1. **Mang Tasyo:** Kahapon kinausap ako ng prinsipal ng ating paaralan. Nababahala siyang maraming mag-aaral ang hindi pumapasok.

Opinyon o Reaksyon: _____

2. **Aling Gloria:** Aba! Hindi po namin alam ito.

Opinyon o Reaksyon: _____

3. **Mang Tasyo:** Salamat sa inyong pakikiisa sa bagay na ito.

Opinyon o Reaksyon _____

Kumusta? Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong? Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 20**.

Magaling! Maaari ka nang magpatuloy.



Aralin 1

Pag-unawa sa Pormal at Di Pormal na Pagpupulong



Balikan

Magbalik-aral ka.

Naaalala mo pa ba ang **Paggamit ng Magagalang na Pananalita sa Pagbibigay-Puna sa Editorial Cartoon?** Ano nga ba ang puna? Bakit kailangang nating gamitin ang magagalang na pananalita sa pagbibigay nito?

Tama. Ang puna ay **komento o opinyon**. Kailangang maging magalang at malumanay sa pagbibigay ng puna upang maiwasan ang makapanakit ng damdamin ng iba. Ang puna ay nakakatulong para mapaunlad o mapagbuti ang isang gawain, proyekto, o pamumuhay.

Ngayon, balikan natin ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin. Basahin at sagutin ang sumunod na gawain.

A. Panuto: Iguhit ang bituin (★) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng mga tuntunin sa pagbibigay ng puna at (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Hindi nagbibigay ng pintas para lamang masabing marunong o magaling.
- _____ 2. Maging makakatotohanan sa pagpupuna.
- _____ 3. Ipahayag nang may paggalang ang mga pagsang-ayon at pagsalungat.
- _____ 4. Puriin ang mahuhusay na puntos.
- _____ 5. Maglahad ng mga mungkahi kung paano mapapaunlad o mapagbubuti ang gawain.



Source: <https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/11/01/2053720/editorial-paghandaan-ang-super-typhoon>

B. Panuto: Pag-aralang mabuti ang *editorial cartoon* na nasa itaas. Ibigay ang iyong puna tungkol dito. Gawing gabay ang rubrik sa pagsulat ng puna.

1. _____
2. _____
3. _____

Rubrik Para sa Pagbigay ng Puna sa *Editorial Cartoon*

5	Napakalinaw ng pagbibigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> gamit ang magagalang na pananalita.
4	Malinaw ang pagbibigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> gamit ang magagalang na pananalita.
3	Medyo malinaw ang pagbigbiay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> gamit ang magagalang na pananalita.
2	Di gaanong malinaw ang pagbibigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> at hindi masyadong nagamit ang magagalang na pananalita.
1	Hindi malinaw ang pagbibigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> at hindi ginamit ang magagalang na pananalita.



Tuklasin

Ipabasa sa iyong magulang o nakatatandang kapatid ang pagpupulong sa ibaba. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel



Bb. Pangulo: Bago tayo magsisimula sa ating talakayan ngayong hapon. Mangyari po bang basahin muna ng kalihim ang katitikan ng nakaraang pagpupulong.

Bb. Shea: (Babasahin ng kalihim ang katitikan (*minutes*) ng pagpupulong.)

Ang pagpupulong ay ginanap noong Setyembre 24, 2019 sa silid ng *Girls Scout*. Sinumulan ito sa ganap na ika-2 ng hapon. Ang pagpupulong ay pinangunahan ng pangalawang pangulo. Dalawampung miyembro ang dumalo sa pagpupulong. Isa sa mga napag-usapan ay tungkol sa natitirang pondo ng samahan. Iminungkahi ni Bb. Jema na ang natirang pera ay ilaan para sa mga kakailanganing kagamitan sa pagtanim. Ang mungkahing ito ay malugod na tinanggap at sinangayunan ng lahat. Natapos ang pagpupulong sa ika- 4 ng hapon.

Bb. Pangulo: May nais pa ba kayong idagdag sa nakaraang pagpupulong? Kung wala, ay dadako na tayo sa ating pag-uusapan.

Bb. Pangulo: Ipinatawag ko kayo upang pag-usapan natin ang ilang planong proyekto para sa *Scouting*. Bilang ng mga kabataan na pag-asa ng bayan. Isa sa mga paraan upang mapangalagaan ang ating kalikasan para sa susunod na henerasyon ay ang pagtanim ng puno. Ano ang masasabi ninyo rito?

Bb. Jee Ann: Wow! Napakaganda ng iyong plano Bb. Pangulo! Isang magandang hakbang ito upang maging malinis ang paligid at maiwasan ang pagbaha sa ating barangay. Kasama po ba natin ang mga kabataan sa barangay sa pagtatanim?

Bb. Pangulo: Opo, kasama natin sila sa pagtatanim. Magpapangkat tayo sa tatlong grupo upang sa ganitong paraan ay marami tayong maitatanim. May iba pa ba kayong mungkahi?

Bb. Sky: Iminumungkahi ko po na hingin din natin ang tulong ng mga opisyaes ng barangay.

Bb. Jee Ann: Sang-ayon po ako sa mungkahi. Matutulungan nila tayong mapapagaan at mapapadali ang gawain. Kayang-kaya ang isang gawain basta sama-sama ang lahat.

Bb. Pangulo: Sang-ayon ba kayo sa mungkahi? (*Pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ang mungkahi*) Kung gayun ay ipagpapatuloy na natin ang talakayan.

Sagutin natin!

Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel.

1. Anong grupo ang may planong proyekto ng pagtatanim?
2. Sino-sino ang kanilang katulong sa gawaing ito?
3. Bakit kailangan nilang magtanim ng puno?
4. Ano ang iyong opinyon o reaksiyon sa plano ng Pangulo?
5. Ikaw, sa paanong paraan ang gagawin mo upang mapangalagaan ang kalikasan?

Naunawaan mo na ba kung paano sagutan ang mga tanong sa nabasa o napakinggan pagpupulong (pormal o di pormal), katitikan (*minutes*) ng pagpupulong? Naipahayag mo ba ang iyong opinyon o reaksiyon? Kung gayon, sagutan mo ang sunod na gawain.



Suriin

Batay sa iyong binasang pormal na pagpupulong, unawain natin itong mabuti gamit ang mga tanong at pangungusap mula rito.

Bb. Jee Ann: Wow! Napakaganda ng iyong plano Bb. Pangulo! Isang magandang hakbang ito upang maging malinis ang paligid at maiwasan ang pagbaha sa ating barangay. Kasama po ba natin sa pagtanim ang mga kabataan sa barangay?

Ano ang opinyon o reaksiyon ni Bb. Jee Ann sa plano ng pangulo?

- ❖ Tama. Namangha at natuwa si Bb. Jee Ann sa plano ng pangulo.

Anong bantas ang ginamit sa pangungusap na nagpapakita ng pagkamangha? Anong uri ng pangungusap ito?

- ❖ Mahusay! Ito ay pangungusap na padamdang dahil ginamitan ng tandang padamdang. Sa pangungusap na, ***Kasama po ba natin sa pagtanim ang mga kabataan sa barangay?*** Anong bantas ang ginamit? Anong uri ito ng pangungusap?

- ❖ Magaling! Ito ay ginamitan ng tandang pananong, kaya ito ay isang uri ng pangungusap na patanong.

Paano isinulat ni Bb. Shea ang katitikan (*minutes*) ng pagpupulong?

- ❖ Tumpak! Isinulat niya ito sa pamamagitan ng pagsulat sa mahahalagang impormasyon tulad ng **Kailan** at **Saan** naganap ang pagpupulong, **Sino** ang mga dumalo, **Ano** ang pinag-usapan at **Kailan** nagsimula at natapos ang pagpupulong.

Kumusta? Nasagutan mo ba ng tamang ang mga tanong? Ano ang nakatulong sa iyo upang maunawaan ang nabasa o napakinggang pagpupulong?

Tandaan Mo...

Mauunawaan lamang natin ang nilalaman ng nabasa o napakinggang pagpupulong kung nasasagot nang tama ang mga tanong. Gayundin, kapag naipahayag mo ang iyong opinyon o reaksiyon tungkol dito.

Tandaan na sa nabasa o napakinggang pagpupulong ito ay ginagamitan ng mga pangungusap. Ang pangungusap ay maaaring: **Pangungusap na Pasalaysay**, ito ay karaniwang naglalarawan, nagkukuwento o nagsasalaysay. Kadalasan ito ay ginagamitan ng bantas na tuldok (.) **Pangungusap na Patanong**, ito ay nagtatanong at ginagamitan ng tandang pananong (?). **Pangungusap na Pautos**, ito ay nagbibigay ng kautusan o kaya ay nakikiusap. Nagtatapos sa tuldok (.) o di kaya ay tandang pananong(?). **Pangungusap na Padamdin**, ito ay nagpapahayag ng matinding damdamin at ginagamitan ng tandang padamdin (!). Gamit ang mga pangungusap na ito ay makasusulat ka ng isang katitikan (*minutes*) ng pagpupulong.

Kung gayon, paano ba sumulat ng isang katitikan (*minutes*) ng pagpupulong? Tandaan lamang ang sumusunod:

1. Petsa, oras ng simula at pagtatapos ng pagpupulong, **KAILAN?**
2. Mga dumalo at di dumalo, **SINO?**

3. Lugar kung saan nag-arap ang pagpupulong, **SAAN?**
4. Paksang tinalakay, **ANO?**
5. Nagmungkahi at tumutol sa pagpupulong, **SINO?**
6. Pangalan ng naghanda ng katitikan (minutes) ng pagpupulong, **SINO?**

Ngayong naunawaan mo na kung ano ang mga uri ng pangungusap na ginamit sa pagpupulong. At nalaman mo na rin kung paano sumulat ng katitikan (*minutes*) ng pagpupulong. Kaya tara! Magsanay ka pa!



Ano ang mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?

Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?

Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

- _____ Lubos na nauunawan
- _____ Naunawaan
- _____ Naguluhan



Pagyamanin

A. Panuto: Gamit ang mga salitang may salungguhit sa pormal na pagpupulong. Tukuyin kung anong uri ng pangungusap ito. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon.

A. PASALAYSAY

B. PATANONG

C. PAUTOS

D. PADAMDAM

Pangulo: Magandang hapon sa inyong lahat. Ipinapatawag ko kayo ngayon upang pag-usapan ang nalalapit na halalan sa *Supreme Pupils Government*. **(1)** Lahat na ba ay narito Bb. Anna?

Anna: **(2)** Ginoong pangulo, labindalawa sa labintatlong opisyal ang narito po ngayon.

Pangulo: Salamat. **(3)** Bb. Jane, maaari mo bang basahin ang katitikan (minutes) ng nakaraang pulong?

Jhon: **(4)** Naku! Hindi na kailangan basahin iyan!

Pangulo: Sang-ayon ba kayo sa mungkahi ni Jhon na hindi na babasahin ang katitikan(minutes) ng nakaraang pulong? **(5)** May tutol ba sa mungkahi? (walang tutol) Kung wala, ay dadako na tayo sa ating pag-uusapan.

B. Panuto: Isulat ang nawawalang impormasyon upang mabuo ang katitikan (*minutes*) ng pagpupulong. Piliin ang angkop na sagot loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.

(1) _____
Pamagat ng pulong

(2) _____
Petsa

Oras ng simula: 1:00 ng hapon

Bilang ng dumalo: (3) _____

Lugar ng pulong: (4) _____

Mga Paksang Napag-usapan:

1. Mga panuntunan sa patimpalak
2. Iba't ibang komite
3. Iba pang bagay

Ang pagpupulong ay pinangunahan ng pangalawang pangulo. Ito ay sinimulan ng eksaktong ala una ng hapon. Ang mga dumalo ay labintatlo at isa ang lumiban. Tinalakay sa pagpupulong ang mga gagawin para sa patimpalak sa paggawa ng parol. Iminungkahi ni G. Cristoni Diaz na (5) _____. Pinangalawahan ito ni Lorenz O. Chavez at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo. Sinundan ito ng pagpapatala sa mga nakatalagang komite. Natapos ang pagpupulong sa ganap na 3:15 ng hapon.

Inihanda ni: **Bb. MELANIE O.**

LANIOG

Kalihim

Pinagtibay: **Gng. CAMILA F. FRATA**
Tagapayo, YES-O Club

- *recyclable materials* ang gagamitin sa paggawa ng Parol para makatipid.
- 13 miyembro
- Silid ng YES-O Club
- Pagpupulong para sa Paligsahan sa Paggawa ng Parol
- Disyembre 1, 2020
- Pagpupulong para sa Paligsahan sa Pag-awit

C. Panuto: Basahin ang pagpupulong sa ibaba. Ibigay ang iyong opinyon o reaksiyon batay sa bawat pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Kapitan: Magandang umaga sa inyong lahat.

Ipinapatawag ko kayo para sa mahalagang bagay na ating pag-uusapan sa nalalapit na kapistahan.

Kagawad Lino: Kapitan, maaari pobang basahin muna ang katitikan ng nakaraang pulong?

Kapitan: Bb. Lina, Pakikuha ng katitikan ng nakaraang pulong sa aking mesa.

Bb. Lina: (Kinuha at binasa ang katitikan ng nakaraang pulong)

Kapitan: May nais ba kayong liwanagin o idagdag sa nakaraang pulong?

Kagawad Lino: Kapitan, iminumungkahi ko na pagtibayin ang katitikan ng nakaraang pulong.

Kapitan: Sang-ayon ba kayo sa mungkahi ni Kagawad Lino?

Lito: Naku! Hindi ako sang-ayon sa mungkahi ni Kagawad Lino! May nais po sana akong liwanagin tungkol sa *Basketball Tournament*.

Kapitan: Bago tayo magpatuloy sa ating pag-uusapan. Liwanagin muna natin ang isyu tungkol sa sinasabi ni Lito.

Lahat: Handa po kaming makinig kapitan.

Kapitan: Ano ang nais mong liwanagin Lino?

Lito: Nais ko lang malaman kung saan natin kukunin ang pambayad sa *Referee* at ang mga tropeo nito?

Kapitan: Kukunin natin ito sa natitirang pondo at ang iba ay magso-*solicit* tayo.

1. Opinyon o reaksiyon _____

Lito: Iminumungkahi ko na ang bawat sa atin ay magbibigay ng limang daang piso ng sa ganoon ay hindi mauubos ang ating pondo?

2. Opinyon o reaksiyon _____

Kagawad Lino: Nauku! Tutol po ako sa mungkahi ni Lito. Mas mabuti kung ang bawat isa sa atin ay bibigyan ng tiglimang sobre para sa *solicitation*. Sa ganitong paraan ay hindi na natin kailangan gumastos pa. Ano sa palagay ninyo?

3. Opinyon o reaksiyon _____

Kapitan: Sang-ayon ba kayo sa mungkahi ni Kagawad Lino? (Pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ang mungkahing ito)

Kung gayon ay dumako na tayo sa susunod na aytem.

Binabati kita. Natapos mo ang pagsubok. Alamin natin sa **pahina 22** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

10 tamang sagot - NAPAKAHUSAY

8-9 tamang sagot - MAGALING

6-7 tamang sagot - PAGBUBUTIHIN PA

0-5 tamang sagot - KAYA MO 'YAN





Isaisip

Isulat ang iyong natutuhan sa aralin. Sagutin ang sumusunod sa iyong sagutang papel.

A. Punan ang sumusunod na talahanayan:

Ano ang iyong natutuhan sa: <i>Pagsagot sa mga tanong sa isang pagpupulong?</i>	Gaano ito kahalaga?
Ano-ano ang mga uri ng pangungusap ang ginagamit sa pagpupulong?	

B. Kumpletuhin ang pahayag:

Sa pagsulat ng *minutes* ng pagpupulong, napagtanto ko na _____



Isagawa

Sumulat ng *minutes* ng pagpupulong gamit ang impormasyon na nasa loob ng kahon. Gayahin ang pormat sa ilalim nito sa iyong sagutang papel.

- Inihanda ni: MANILYN M. VILLARUZ
Kalihim
- Pagpupulong para sa Pagdiriwang ng “*Teachers’ Day*”
- Oktubre 1, 2020
- Mga Paksang Napag-usapan:
 - ✓ Mga gawain sa *Teachers’ Day*
 - ✓ Pagpipili ng mga mag-aaral na magbibigay ng mensahe
- Oras ng Simula: ika-3 ng hapon
- Bilang ng dumalo: 13 opisyaales ng klase
- Lugar ng pinagdausan: Silid-aralan ng Baitang 5
- Pinangunahan ni Kayla Perigrino, pangulo ng klase sa Baitang-5 ang pulong. Napag-usapan ang mga gagawin sa pagdiriwang ng “*Teachers’ Day*”. Sinundan ito ng pagpili ng mga mag-aaral na magbibigay mensahe para sa kanilang gurong tagapayo. Iminungkahi ni Abet na sa huling bahagi ng palatuntunan gagawin ang surpresang salo-salo upang sasakto ito sa oras ng meryenda. Agad naman itong sinang-ayunan ng lahat.

Pagbati sa matagumpay na gawain! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa **pahina 22**.



Tayahin

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paglalahad at pagsulat ng mga hakbang ng isang gawain.

A. Panuto: Basahin ang isang pagpupulong sa ibaba. Punan ng angkop na pangungusap upang mabuo ang pagpupulong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pangulo: Magandang umaga sa inyong lahat. Ipinapatawag ko kayo ngayong umaga upang pag-usapan natin ang tungkol sa Buwan ng Nutrisiyon.

1. _____ (Patanong)

Kalihim: 2. _____
(Pasalaysay)

Pangulo: Salamat. 3. _____
(Pautos)

Oliver: 4. _____
(Padamdang)

Ann: Sang-ayon po ako sa mungkahi ni Oliver.

Pangulo: May tutol ba sa mungkahi? Kung wala dadako na tayo sa ating pag-uusapan ngayon

1. **A.** Lahat na ba ay naririto Bb. kalihim?
B. Lahat na ay naririto Bb. kalihim!

2. **A.** Ginoong pangulo, lahat na po ay naririto?
B. Ginoong pangulo, lahat na po ay naririto.

3. **A.** Bb. kalihim, maaari mo bang basahin ang katitikan (*minutes*) ng nakaraang pulong?
B. Bb. kalihim, maaari mo bang basahin ang katitikan (*minutes*) ng nakaraang pulong!

4. **A.** Naku! Ginoong pangulo, hindi na kailangan basahin iyan?
B. Naku! Ginoong pangulo, hindi na kailangan basahin iyan.

B. Panuto: Lagyan ng **tsek (/)** ang bilang ng pangungusap na nagpapahayag ng reaksiyon sa isang pagpupulong at **ekis (X)** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel

- _____ 1. Wow! Napakagaling ng mungkahi mo!
- _____ 2. Malugod ko pong sinang-ayunan ang mungkahi.
- _____ 3. Naku! Nandiyan na si Ma'am umupo na kayo.
- _____ 4. Bilang inyong pangulo, ipinapatawag ko kayo dahil mahalaga ang pag-uusapan natin ngayong umaga.
- _____ 5. Bakit mo kinain ang baon ko?

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong kasagutan sa **pahina 22**.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?





Karagdagang Gawain

Ngayong malawak na ang iyong kaalaman, magsanay pa sa pagsulat ng *minutes* ng pagpupulong.

Panuto: Sumulat ng *minutes* ng pagpupulong gamit ang impormasyon na nasa loob ng kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- Pagpupulong Para sa Buwan ng Nutrisyon
- Bilang ng dumalo: 20 miyembro
- Inihanda Ni: FELICITY O. LANIOG
Kalihim
- Lugar ng pinagdausan: Silid ng *Home Economics*
- Pinangunahan ni Gng. Ana, pangulo ng Samahan ang pulong. Sinang-ayunan ng lahat ng dumalo ang ilang mungkahi para sa patimpalak. Pinagtibay naman ito ng pangulo. Huling tinalakay ang iba pang mga bagay. Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-10 ng umaga.
- Petsa: Hunyo 13, 2020
- Oras ng Simula: ika-8 ng umaga

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

Ang husay mo, kid!





Susi sa Pagwawasto

<p>Pagyaamanin C</p> <p>Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata</p>	<p>Isaisip</p> <p>Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata</p>
<p>Pagyaamanin B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pagpupulong para sa Paligsahan sa Paggawa ng Parol 2. Disyembre 1, 2020 3. 13 miyembro 4. Silid ng YES-O Club 5. recyclable materials ang gagamitin sa paggawa ng parol para makatipid. 	
<p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Grupo ng amga kabataang Scout 2. Opisyal ng barangay 3.- mapangalagaan ang kalikasan - maging malinis ang kapaligiran at maiwasan ang pagbaha 4-5 maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata 	<p>Pagyaamanin A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Patamong 2. Pasalaysay 3. Patamong 4. Padamdang 5. Patamong
<p>Subukin A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. C 2. B 3. C 4. B 5. D 	<p>Subukin B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. B 2. A 3. C
<p>Balikan A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. 2. 3. 4. 5. 	<p>Balikan B</p> <p>Gawing gabay ang kalakip na rubrik para sa pagwawasto</p>

Pagpupulong Para sa Buwan ng Nutrisyon
 Petsa: Hunyo 13, 2020
 Oras ng Simula: ika-8 ng umaga
 Bilang ng dalalo: 20-miyembro
 Lugar ng pinagdausan: Silid ng Home Economics

Pinangunahan ni Gng. Ana, pangulo ng Samahan ang pulong. Sinang-ayunan ng lahat ng dumalo ang ilang mukahi para sa patimpalak. Pinagtibay naman ito ng pangulo. Huling tinalakay ang iba pang mga bagay. Natapos ang pagpulong sa ganap na ika-10 ng umaga.

Inihanda ni: FELICITY O. LANIOG
 Kalihim

Tayahin B
 1. /
 2. /
 3. X
 4. /
 5. X

Tayahin A
 1. A
 2. B
 3. A
 4. B

Isagawa

Pagpupulong para sa Pagdiriwang ng “Teachers’ Day”
 Oktubre 1, 2020

Oras ng Simula: ika-3 ng hapon
 Bilang ng dumalo: 13 opisyaes ng klase
 Lugar ng pinagdausan: Silid-aralan ng Baitang 5

Mga Paksang Napag-usapan:

- ✓ Mga gawain sa Teachers’ Day
- ✓ Pagpipili ng mga mag-aaral na magbibigay ng mensahe

Pinangunahan ni Kayla Perigrino, pangulo ng klase sa Baitang-5 ang pulong. Napag-usapan ang mga gagawin sa pagdiriwang ng “Teachers’ Day”. Sinundan ito ng pagpili ng mga mag-aaral na magbibigay mensahe para sa kanilang gurong tagapayo. Iminungkahi ni Abet na sa huling bahagi ng palatuntunan gagawin ang surpresang salo-salo upang sasakto ito sa oras ng meryenda. Agad naman itong sinang-ayunan ng lahat.

Inihanda ni: **MANILYN M. VILLARUZ**
 Kalihim

Sanggunian:

Cruz, T., (2015), *Biyaya ng Filipino 4*. Quezon City: FNB Educational Inc.

Kontektuwalisadong Banghay-Aralin. (2019), Filipino 4. Ikaapat na Kwartar, Linggo 7, Araw-2.

Lalunio, L., & Ril, F., (2010), *Hiyas sa Wika 4*. 2nd ed. Quezon City: LG & M Corporation.

Sauco, J., Sison, N., Ranchez, A., & Samson, A., (2010), *Mga Banghay Aralin sa Filipino 5*. 1st ed. Malate, Manila: Reevee Book Supply.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph